LUNGSOD NG ESCONDIDO
OPISINA NG KLERK NG LUNGSOD
201 NORTH BROADWAY
ESCONDIDO, CA 92025-2798
(760) 839-4617

PAUNAWA NG PAMPUBLIKONG PAGDINIG

ANG PAUNAWA AY IBINIBIGAY SA PAMAMAGITAN NITO na sa Oktubre 12, 2013 sa ika-9 ng gabi ang Independiyenteng Komisyon sa Pagdistrito para sa Lungsod ng Escondido ay magsasagawa ng isang Pampublikong Pagdinig sa Hidden Valley Middle School, 2700 Reed Rd., Escondido, CA 92027 upang isaalang-alang ang sumusunod na bagay:

PAGGUHIT NG MGA LINYA NG DISTRITO:

PAGKAKATAON PARA SA PAMPUBLIKONG KOMENTO TUNGKOL SA PAGGUHIT NG KONSEHO NG LUNGSOD NG ESCONDIDO SA MGA LINYA NG DISRITO.

KUNG SALUNGATIN NINYO ang bagay na ito sa hukuman, kayo ay maaaring limitahan sa paglalabas ng mga isyung iyon na inilabas ninyo o ng ibang tao sa Pampublikong Pagdinig na inilarawan sa paunawang ito, o sa nakasulat na pakikipagtalastasan na inihatid sa Klerk ng Lungsod, sa o bago ang Pampublikong Pagdinig.

Ang mga serbisyong pagsasalin ng wika ay makukuha. Kung nangangailangan kayo ng mga serbisyong pagsasalin para sa mga sumusunod na wika: Kastila, Tsino, Biyetnamis, o Tagalog, mangyaring makipag-ugnayan sa Klerk ng Lungsod sa (760) 839-4617 o sa dhalverson@escondido.org 48 oras bago ang pulong.

Kinikilala ng Lungsod ng Escondido ang obligasyon nito na magkaloob ng sapat na daan sa mga pampublikong serbisyo para sa mga taong may kapansanan. Mangyaring makipag-ugnayan sa Tagapag-ugnay ng Batas sa Amerikanong May Kapansanan (A.D.A.) sa (760) 839-4641 kung may mga kahilingan para sa makatwirang mga kaluwagan, upang isama ang mga interpreter ng senyas na wika, hindi kukulangin sa 24 na oras bago ang pulong. Ang Lungsod ng Escondido ay hindi nagtatangi laban sa sinumang taong ang katayuan ay may kapansanan.

LAHAT NG INTERESADONG TAO ay iniimbitahang dumalo sa nasabing Pampublikong Pagdinig upang ipahayag ang kanilang opinyon sa bagay na ito. Ang nasabing Pampublikong Pagdinig ay gaganapin sa **Hidden Valley Middle School, 2700 Reed Rd., Escondido, CA 92027.**

Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring tawagan si Diane Halverson sa (760) 839-4617, at tukuyin ang Independiyenteng Komisyon sa Pagdistrito.

DIANE HALVERSON, Klerk ng Lungsod
Lungsod ng Escondido

Setyembre 23, 2013